

Malayang oras, Kasiyahan, at Paglilibang

Deskripsyon: Ang aralin ay nagtatalakay ukol sa paglilibang, kasiyahan, at pag-aaliw ng isang Muslim na naaayon sa relihiyong Islam at moralidad nito.

Ni Imam Kamil Mufti (© 2015 NewMuslims.com)

Nai-publish sa 19 Apr 2018 - Huling binago sa 11 Apr 2018

Kategorya: Mga Aral > [Islamikong Pamumuhay, Moralidad, at Pagsasagawa](#) > [Pangkalahatang Moralidad at Pagsasagawa](#)

Mga Layunin

- Ang maintindihan na ang makabagong paglilibang ay isang industriya.
- Ang maintindihan na ang pagiging masaya ay hindi ipinagbabawal.
- Ang matutunan ang patungkol sa pitong *halal* na paglilibang at dalawang uri ng "pinaghalong" paglilibang.

Mga Terminolohiyang Arabik

- *Shirk* - salitang nagpapahiwatig ng pagtatambal sa Allah, o pagsasabi ng katangiang pagkaDiyos sa sinuman maliban kay Allah, o maniwalang ang pinanggagalingan ng kapangyarihan, pinsala, at biyaya ay nagmumula sa iba maliban kay Allah.
- *Dhikr* - (pangmaramihan: *adhkar*) pag-alala sa Allah.
- *Awrah* -mga parte ng katawan na nararapat na takpan.
- *Hijab* - Ang salitang *hijab* ay nagtutukoy ng ibat ibang kahulugan, kasama ang pagkubli, pagtago at pagtabing. Ito'y karaniwang tumutukoy sa kumbong sa ulo ng isang babae at sa mas malawak na pagpapakahulugan, katamtamang pananamit (islamikong pananamit) at pag-uugali.
- *Haram* - Hindi pinahihintulot, bawal.
- *Halal* - Pinahihintulot.

Karamihan sa atin, ang paglilibang ay kawili-wili. ang layunin nito ay magdulot ng katiwasayan, at masayang kapaligiran na kung saan pansamantalang makakawala sa mga alalahanin sa buhay sa araw-araw, isang pampalipas oras at isang paraan para magpahinga sa panahong maluwag ang ating libring oras at ito'y binubuo ng napakaraming halimbawa sa nakalipas na mga panahon, sumasaklaw sa mga nakakalibang na kinawiwilian gaya ng pagtakbo-takbo (jogging) o kaya ay sa nakagiliwan gaya ng panunuod ng telebisyon at pakikinig ng musika .



Ang paglilibang ay maari ding maging gaya ng pang araw-araw na gawain, halimbawa ang pagtatanim ng halaman o pagluluto. Sa katotohanan, ang ilan sa mga gawaing masasabing nakakapagbigay aliw ay napakarami at magkakaiba sa bawat tao.

Ganun pa man, ang Paglilibang ay isang hanap buhay at isang industriya na masyadong naapektuhan ng teknolohiya. Kasama ang mga makukulay na mga personalidad, nagniningnig at kaakit-akit na karaniwang nakakabit sa maraming uri ng paglilibang, ang napapanahong paglilibang para sa karamihan mula sa Hollywood sa Bollywood, X-boxes, at mga tablet ay lahat negosyo na denisenyo para pagkakitaan.

Para sa isang Muslim, ang bakanteng oras ay hindi kasama sa kanyang kaisipan na ang tao ay may sobrang oras para gugulin sa mga bagay na pagsasayang at walang kabuluhan. Ang Propeta ay nagsabi:

" Ang Paa ng anak ni Adam sa araw ng paghuhukom ay di makakahakbang mula sa kanyang panginoon hanggat hindi siya tatanungin sa limang bagay: ang kanyang buhay at paano niya ito ginugol, ang kanyang kabataan bago dumating ang kanyang katandaan, ang kanyang kayamanan, paano niya ito nakuha at paano niya ito ginugol, ang kanyang kaalaman kung ano ang ginawa niya dito."[\[1\]](#)

Ang isang Muslim ay nahaharap sa isang pagsubok sa kung paano at saan gugugulin ang kanilang oras sa paglilibang, dahil karamihan sa mga makabagong kinagigiliwan ng karamihan ay may maliit na puwang sa islam.

Ganap na *Halal* na Paglilibang at Pagsasaya

Ang mali na ang mga makamundong bagay lahat ay pinahihintulot maliban lang sa mga partikular na ipinagbabawal. Maraming muslim ang may maling kuro-kuro na ang pagiging masaya ay bawal. Wala ng hihigit pa sa katotohanang ang pagiging masaya ay bahagi ng buhay ng tao, ganun pa man, sa pangkalahatan ang sobrang kalayawan at anumang pagmamalabis ay kailangang iwasan lalo na at kapalit sa paggugol nito ay ang pagsagawa ng mga obligadong katungkulan. Kami ay magbibigay ng ilang *halal* na uri ng

pagsasaya sa ibaba.

1. Ang Pagkain

Ang pagkain ng hindi labis na walang nasasayang at pagkain ng *halal* na pagkain. Para mas maganda ay gawin ito kasama ang mga kaibigan at pamilya. Lahat ng ito ay *halal* at masaya!

2. Pagbabasa, Pagsusulat, Pag tula at Pakikinig sa mga Audiobooks at mga Podcasts.

Maaring kang magbasa para maaliw at malibang, ang mga talambuhay ay mas mainam kaysa mga kathang isip. Piliin ang mga libro o mga magasin na may ibat ibang paksa. Ang pinakamainam na mapagkukunan ng mga libro at makahingi ng suhestiyon ay ang pinakamalapit na aklatang pang publiko sa iyong lugar, kung nahhirapan kang bumasa ay hingin ang suhestiyon ng tagapamahala ng aklatan para sa mga librong akma sa iyong kakayahang magbasa.

3. Paglangoy, Pagsibat, Sining ng Pagtatanggol sa sarili, at Pagtatanim

Ang rekomendasyon sa larangan ng paglangoy at pamamana ay nagmula kay Propeta Muhammad ang habag at pagpapala ng Allah ay sumakanya. Sa paglangoy ay siguraduhing magkahiwalay ang lalake at babae at ang mga kasuotan ay naayun sa pamamaraan ng Islam.

Ang Sining ng Pagtatanggol sa sarili ay may mga pakinabang, kaya lang ay dapat hindi mahahaluan ng mga ipinagbabawal na gawain gaya ng pagyuko at *shirk*.

5. Ang Pagmamasid sa magagandang tanawin, at Pag tanaw sa kalikasan

Ang natural na kapaligiran; karagatan, kabundukan, mga parke, mga talon, mga hayop, mga kabukiran, disyerto, at mga kakahuyan ay tunay na napakaganda at magdadala sayo upang maging malapit sa Lumikha ng mga ito (Allah) at magbibigay sayong kalooban ng kapayapaan, ilang mga gawain ang maihalalintulad dito ay ang pagdarasal sa ilalim ng mayabong na puno at sa pag-alaala (dhikr) sa Allah habang ika'y nasa isang mataas na lugar (hiking).

6. Nasheeds o Islamikong mga Awitin

May mga mabuti at masama at napapa-gitna na mga nasheed na nagkalat, may mga nasheed na mabuting kapalit sa mga sikat na awitin na may mga sekswal at bayolenting nilalaman, ang pagpili ng mabuti sa mga nasheed ay isang magandang paraan para mahalín ng iyong mga anak ang Islam, at propeta Muhammad at mga bagay tungkol sa Islam, sa kasamaang palad, ilang mga nasheed ay katulad ng mga rock-star, kayat iwasan ang mga ito.

7. Pakikisama

Ang iyong mga kaibigan ay maaring pasayahin ka o sirain ka ang Propeta ay nagsabi, " bawat tao ay sinusunod ang relihiyon ng kanyang matalik na kaibigan, kayat mag-ingat sa mga kakaibiganin."

Dahil tayong lahat ay namumuhay sa lipunan, ang pakikipag-kapwa tao at pakikipag mabutihan sa kapwa ay nasa taas ng listahan na dahilan para maging masaya, ngunit mahalaga na magkaroon ng mabubuti at tamang kaibigan, ang kaibigan ay siya na nagpapa-alala sayo para magdasal, o huwag magdasal para manuod ng sine, sila ang magsasabi sayo na napakaganda ng *hijab* mo o magsasabing kakaiba ang iyong hitsura, sa huli, kung sinuman ang pinili mo na pakisamahan ay magdudulot ng malaking pagbabago sa kung sino ka sa kasalukuyan.

"Mixed-Bag" na mga uri ng Pag-aaliw

1. Paglalaro ng video

ang mga nilalaman ng mga larong nasa video ay maaring bayolente, seksuwal, at nakakalulong, subalit, mahirap sabihin na lahat ng mga video games ay haram. Ang nilalaman at nakasanayan ng naglalaro at nagkakaiba-iba, ganito ang lagay sa kategoryang ito.

2. TV at Internet

Ganun din sa dalawang ito. Ang internet ay isang malaking tulong para matuto at magturo ng Islam, ang pagkakaroon ng online na kaalaman (degree), matuto ng mga bagong kakayahan at pagsasaliksik. Maari din itong magamit sa pornograpiya, sugal at isang malawakang pag-aaksaya ng oras.

Ganundin, ang telebisyon ay maaring magamit bilang makabuluhang kasangkapan, ngunit bihira lang. Ang mga patalastas at mga programa ay tulay para maipaabot sa mga kabataan at manunuod ang mensahe at produkto nila. Sa panahon ngayon pati ang pagbabalita ay ginawa na ding libangan!

Talababa:

[\[1\] Tirmidhi](#)

Ang web address ng artikulong ito:

<http://www.newmuslims.com/tl/lessons/313>

Copyright © 2011-2022 [NewMuslims.com](http://www.NewMuslims.com). Lahat ng karapatan ay nakalaan.

ajsultan